


HANBUK NG KANDIDATO

2021 ELEKSYON MUNISIPAL



Munisipalidad ng Jasper
Huling na-update: Pebrero 2021

02

TUNGKOL SA MUNISIPALIDAD NG JASPER

Ang Munisipalidad ng Jasper ay natatangi dahil sa kanyang lokasyon. Isa ito sa dalawang munisipalidad sa Canada na matatagpuan sa loob ng isang pambansang parke. Ang Munisipalidad ng Jasper ay ikinategorya bilang isang natatanging munisipalidad dahil ang pamamahala ay ibinabahagi sa pagitan ng Munisipalidad ng Jasper at sa ahensya ng Parks Canada.

Ang natatanging Munisipalidad ng Jasper ay isinama sa pamamagitan ng lalawigan ng Alberta noong Hulyo 20, 2001. Ang munisipalidad ay kumikilos sa ilalim ng isang kasunduan para sa lokal na pamamahala, na binibigyan ito ng awtoridad sa lahat ng mga usapin ng bayan maliban sa paggamit ng lupa, pagpapalano at pag-unlad, at mga usapin sa kapaligiran. Ang Munisipalidad ng Jasper ay ginampanan ang responsibilidad para sa mga partikular na usapin ng hurisdiksyon mula sa ahensya ng Parks Canada noong Abril 1, 2002.

NAG-IISIP KA BA TUNGKOL SA PAGTAKBO PARA SA KONSEHO?

Bago ilagay ang iyong pangalan, mahalagang alamin kung mayroon ka o walang oras para sa posisyon, at tiyakin na ang trabaho ay matutugunan ang iyong mga inaasahan.

Walang mga espesyal na kwalipikasyon o karanasan na kinakailangan upang maging miyembro ng Konseho, gayunpaman, pag-iisip ng pangitain, malakas na kasanayan sa komunikasyon (pagsasalita at pakikinig), mga kasanayan sa paglutas sa problema, isang kakayahang maging mapanghikayat at tanggapin ang ibang mga pananaw ay mga magandang katangian. Maaaring mayroon ka nang mga kasanayan, kaalaman at kakayahan na maililipat sa tungkulin ng inihalal na opisyal. Isipin ang iyong mga karanasan sa pagboboluntaryo, pagtulong sa komunidad, karanasan sa trabaho, pagiging miyembro ng iba't ibang organisasyon at mga tungkulin na ginampanan mo sa buhay pamilya.

03

MGA INAASAHAN

Sa lahat ng antas ng gobyerno, ang pamahalaang munisipal ay ang pinakamalapit sa mga pangangailangan at inaasahan ng mga lokal na mamamayan. Maaari nitong gawing kapakipakinabang at makabuluhan ang trabaho ng isang konsehal.

Bilang isang nahalal na opisyal maaari mong asahan na:

- Dalhin ang mga pananaw ng iyong demograpiko sa talahanayan ng paggawa ng desisyon;
- Mga pagbabago sa impluwensyang nakikinabang sa iyong pamayanan at matiyak ang pagpapanatili nito;
- Ipasa ang mga bagong ideya para sa debate at posibleng pagpapatupad at pagbabago;
- Gumawa ng isang positibong pagkakaiba sa kalidad ng buhay sa iyong pamayanan;
- Magbigay ng isang boses para sa iyong komunidad sa iba pang mga antas ng pamahalaan; at
- Maging bahagi ng isang koponan na gumagawa ng mga desisyon na nakakaapekto sa lahat ng aspeto ng buhay sa pamayanan.

ORAS NG PAGLILINGKOD

Ang Mayor at mga Kagawad ay naglilingkod ng apat na taong termino. Ang Sanggunian ng 2021 ay manunumpa sa loob ng isang linggo ng pangkalahatang halalan at maglilingkod hanggang Oktubre 2025.

04

KATAPATAN SA PAGPUPULONG

REGULAR AT KOMITE NG KABUUAN PAGPUPULONG

Ang Konseho Munisipal ng Jasper ay nagpupulong tuwing Martes ng bawat buwan, maliban sa ikalimang Martes, na ilang beses lamang nangyayari sa isang taon.

ESPESYAL NA PAGPUPULONG

Ang mga espesyal na miting ng Council ay maaaring tawagin sa buong taon kapag kailangang tugunan ng council ang isang aytem bago sa regular nitong nakaiskedyul na pulong.

PULONG SA BADYET

Dalawang pagpupulong sa gabi ang karaniwang ginaganap tuwing Nobyembre, na pinapayagan ang Konseho na talakayin at magtanong tungkol sa paparating na badyet bago gumawa ng anumang mga desisyon. Maaaring piliin ng Konseho na magtakda ng higit pang mga pagpupulong sa badyet.

PAGPUPULONG NG LUPON AT KOMITE

Ang Alkalde at indibidwal na konsehal ay itinalaga bawat isa sa kanila ng kada tatlong mga komite, lupon o ahensya. Magkakaiba ang mga oras ng pagpupulong, at maaaring maging dalawang linggo, buwanan o hindi gaanong madalas depende sa samahan.

INTERGOVERNMENTAL NA PAGPUPULONG

Ang mga kinatawan mula sa Munisipalidad ng Jasper at Parks Canada pati na rin ang Mayor at Konseho ay nagpupulong nang tatlo hanggang apat na beses bawat taon upang talakayin at isulong ang mga paksa ng mutual na interes.

05

IBA PANG COMMITMENT

CONFERENCE AT TRAINING

Ang Munisipalidad ng Jasper ay bahagi ng Alberta Urban Municipality Association (AUMA) at ang Federation of Canadian Municipalities (FCM). Ang parehong asosasyon ay nagsasagawa ng taunang mga pagpupulong at kombensiyon na nagbibigay ng mga networking at pagkakataon para matuto. Maraming mga miyembro ng Konseho ang regular na dumadalo sa AUMA Convention (tatlong-araw na kaganapan sa Oktubre o Nobyembre) at ang komperensiya ng FCM (tatlong araw na kaganapan sa Hunyo). Ang mga konsehal ay kinakailangan o maaaring maimbita na dumalo sa iba't ibang oportunidad kabilang ang pagsasanay sa media, pagsasanay ng mga inihalal na opisyal at madami pang iba.

PAGBYAHE

Ang pagbyahe para sa iba pang mga tungkulin ay hindi pangkaraniwan, gayunpaman noon ang mga konsehal ay nagkaroon ng oportunidad para bumisita sa mga resort communities para itaguyod ang ugnayan sa pagitan ng munisipyo at para malaman ang tungkol sa matagumpay na pagkukusa. Ang Alkalde ay paminsan-minsan din kailangan bumisita sa Edmonton at Ottawa para makipag pulong kasama ang mga opisyal ng gobyerno sa ngalan ng Munisipalidad ng Jasper.

PAKIKIPAGSAMAHAN AT IBA PANG KAGANAPAN

Maaari kang hilinging dumalo sa mga lokal na mga fundraiser, magbigay ng malugod na pagtanggap sa mga kumperensya at kumakatawan sa Munisipalidad sa industriya na may kaugnayan sa mga pagtitipon sa lipunan at marami pang iba. Ang mga paglalaan ng panahon para sa mga bagay na ito ay karaniwang mas mabigat para sa Alkalde, at depende rin sa interes at kakayahan ng iba't ibang miyembro ng Konseho.

06

IBA PANG MGA COMMITMENT (PAGPAPATULOY)

BACKGROUND SA TRABAHO

Ang bawat pagpupulong ng konseho ay may adyenda. Ang laman ng adyenda ay karaniwang may kasamang mga ulat at liham na may layon kang tulungang maghanda para sa mga desisyon at talakayan na kailangan sa pulong. Kailangan mo ng oras upang basahin nang mabuti ang impormasyon bago dumalo sa mga pagpupulong. Maaari ka rin magkaroon ng kaunting oras upang makipagkita paminsan-minsan sa Chief Administrative Officer (CAO), na nag-iisang empleyado ng Konseho, at naka atas gawin ang pagpapatupad ng mga patakaran at programa ng Konseho.

ANG IYONG BUHAY

Ang mga miyembro ng konseho ay laging nandiyan sa ating maliit na komunidad at karaniwang hindi sila “naka pahinga”. Ang mga residente ay madalas na sinasamantala ang pagkakataon na ipakita ang kanilang mga pananaw o magtanong sa iyo kapag nakita ka nila sa labas.

Tiyaking isasaalang-alang ang oras na kailangan mo para sa iyong personal na buhay, iyong trabaho, mga pagbo-boluntaryo, at iba pang mga priyoridad.

07

OPISINA NG KONSEHAL

Ang termino ng opisina para sa mga Konsehal ay apat na taon. Anim na posisyon ang kailangan para sa tanggapan ng Konsehal.

TUNGKULIN NG KONSEHAL

- Isaalang-alang at itaguyod ang kapakanan at interes ng Munisipalidad;
- Sumunod sa Batas ng Pamahalaang Munisipal;
- Pwedeng makipag-ugnay sa publiko. Maaaring makipag ugnayan sa pamamagitan ng email, tawag sa telepono, voicemail at mga pakikipag-ugnayan nang harapan;
- Makilahok sa miting ng mga Konseho sa Regular at Komite ng Kabuuan Pagpupulong;
- Ipakita ang mga pananaw ng mga residente sa bawat pagpupulong ng Konseho;
- Bumoto sa mga batas o bylaw, patakaran ng munisipyo, kahilingan para sa mga desisyon, badyet ng munisipyo at iba pang mga ginawang mosyon sa mga pagpupulong ng Konseho;
- Idirekta ang mga katanungan at saloobin hinggil sa administrasyon ng Munisipalidad sa Chief Administrative Officer (CAO);
- Manatiling maalam sa mga lokal na isyu at lokal na batas; at
- Dumalo at lumahok sa mga kaganapan at aktibidad ng pamayanan.

08

KINATAWAN AT KAHALILING REPRESENTANTE NG MAYOR

Ang bawat konsehal ay magsalitan ng pwesto bilang Deputy o Kinatawan ng Mayor at ang Kahaliling Representante ng Mayor.

Ang Kinatawan ng Mayor ay nagsisilbing back-up ng Mayor. (hal. Chairman ng mga pagpupulong ng konseho, dumalo sa mga ibang pagpupulong, at mga aktibidad na hindi madaluhan ng Mayor). Sa kasalukuyan, pinamumunuan din ng Kinatawan ng Mayor ang lahat ng Komite ng Kabuuan pagpupulong. Ang Kahaliling Representante ng Mayor ay nagsisilbing back-up sa Kinatawan ng Mayor.

Ang kasalukuyang Konseho ay nagpasyang ihalinhin ang posisyon ng Kinatawan ng Mayor at Kahaliling Representante ng Mayor sa isang dalawang-buwan na batayan. Nasa sa bagong halal na Konseho ang pagpapasya kung nais nilang ipagpatuloy ang halinhinang ito.

ORAS NG PAGLILINGKOD NG MGA KONSEHAL

Ang posisyon ng konsehal ay itinuturing na isang part-time na commitment. Karaniwan, ang mga Konsehal ay maaaring gampanan ng 10-12 oras bawat linggo ang kanilang mga tungkulin (nag-iiba ito ayon sa oras ng taon, mga panibagong isyu, mga miting, atbp.). Ang mga Konsehal ay inaasahang dadalo sa mga Regular na pagpupulong ng Konseho (dalawa kada buwan) at Komite ng Kabuuan pagpupulong (dalawa kada buwan). Ang mga Konsehal ay maaari ring asahan na dumalo sa isa o dalawang mga pagpupulong ng lupon o komite bawat buwan. Ang iba pang mga espesyal na pagpupulong ay maaaring ipatawag kung kinakailangan.

Ang Konsehal ay maaari ding maglaan ng oras sa paghahanda para sa mga pagpupulong, nakikipag-ugnay sa pangangasiwa ng munisipyo, gumagawa ng pagsasaliksik, pagpupulong sa publiko at pagdalo sa mga pampublikong kaganapan.

09

SAHOD NG MGA KONSEHAL

Ang bayad para sa mga konsehal ay nakabalangkas sa mga pamamaraan ng Council Member Remuneration and Benefits Policy's administrative procedures. Ang patakarang ito ay karaniwang binabago ng papalabas na Konseho sa pagtatapos ng isang termino, upang maitakda ang kabayaran para sa pagpasok ng bagong Konseho. Ang impormasyon tungkol sa plano ng benepisyo, allowance sa kompyuter at mga gastos sa pangangalaga sa bata ay kasama rin sa dokumentong ito.

TANGGAPAN NG ALKALDE

Ang termino ng tanggapan para sa Alkalde ay apat na taon.

TUNGKULIN NG ALKALDE

Ang Alkalde ay ang Chief Elected Official (CEO) ng Munisipalidad at may particular na tungkulin kasama ang mga tungkulin ng isang konsehal bilang karagdagan sa mga CEO ayon sa depinisyon sa Municipal Government Act.

Ang Alkalde ay inaasahang:

- Tagapangulo ng mga regular na pagpupulong ng Konseho;
- Dumalo sa mga pagpupulong, mga pampublikong aktibidad, mga seremonya at iba pang mga pangyayari, na maaaring mangyari tuwing gabi at sa pagtatapos ng linggo;
- Makipag-ugnay sa mga inihalal na opisyal mula sa ibang mga munisipalidad at iba pang antas ng pamahalaan hinggil sa mga isyu sa munisipyo;
- Ipatatid ang patakarang ng Konseho sa media at publiko;
- Gumanap bilang tagapagsalita ng Munisipal – kasama dito ang mga panayam sa media; at
- Makipagtulungan sa CAO upang subaybayan at tugunan ang mga resulta ng samahan.

10

ORAS NA IPAGLILINGKOD NG ALKALDE

Ang posisyon ng Alkalde ay itinuturing na isang part-time na commitment. Karaniwan, maaaring asahan ng Alkalde na mangako ng 20-25 oras bawat linggo para gawin ang kanilang mga tungkulin (nag-iiba ito ayon sa oras ng taon, mga lumilitaw na isyu, pagpupulong, atbp.) Ang oras ng Alkalde ay ginugugol ang pagtatrabaho sa Konseho, administrasyon ng Munisipyo at mga kinatawan ng komunidad upang makatulong na bumuo ng mga plano, patakaran at mga istrategyang mahalaga sa kalakalan ng Munisipyo. Bilang isang regular na miyembro ng Konseho, inaasahan ang Mayor na maghanda at dumalo sa mga Regular na pagpupulong ng Konseho at mga Komite ng Kabuuan pagpupulong.

Ang Alkalde ay nakaupo sa iba't ibang mga lupon at komite. Maaari ring hilingin ang Alkalde na kumatawan sa Munisipalidad sa mga pagpupulong, seremonya at iba pang mga kaganapan. Madalas na oras sa gabi at trabaho sa katapusan ng lingo ay maaaring kailanganin. Ang Alkalde rin ang pinunong tagapagsalita para sa munisipalidad sa mga talakayan sa mga nahalal na opisyal sa iba pang mga munisipalidad, ang pamahalaang panlalawigan, ang pamahalaang federal, at mga kasapi ng media; madalas na kasangkot dito ang pagsisimula at pagbuo ng mahahalagang ugnayan sa mga gumagawa ng desisyon sa labas ng pamayanan.

SAHOD NG ALKALDE

Ang bayad para sa Alkalde ay nakabalangkas din sa Council Member Remuneration and Benefits Policy's administrative procedures. Ang plano sa benepisyo, allowance sa kompyuter at mga gastos sa pangangalaga sa bata ay pareho para sa lahat ng mga miyembro ng Konseho.

11

KAPANGYARIHAN NG KONSEHAL AT RESPONSIBILIDAD

Ang lahat ng mga kapangyarihan ng mga pamahalaang munisipal ay inilaan mula sa mas mataas na antas ng pamahalaan. Ang Konseho ng Jasper ay may awtoridad sa lahat ng mga usapin ng munisipal na may pagbubukod sa mga usapin sa kapaligiran, at paggamit ng lupa, pagpaplano at pag-unlad. Ang Munisipal Government Act (MGA) ay ang pangunahing sanggunian para sa mga pamahalaang munisipal sa Alberta. Pinahintulutan ng MGA ang Konseho na:

- Bumuo at suriin ang mga programa, patakaran at antas ng serbisyo;
- Itakda ang taunang badyet sa pagpapatakbo at kapital, kabilang ang pagtatakda ng isang taunang paghingi ng buwis;
- Magtakda ng taunang bayarin sa utility o pangkalahatang serbisyo ng gas, koryente, at tubig;
- Pagpasa ng mga bylaw o alituntunin para sa mga layunin ng munisipyo; at
- Lumikha ng mga lupon at komite ng Konseho.

Ang MGA ay matatagpuan online sa pamamagitan ng Queen's Printer website. Maaari ka ring bumili ng kopya ng aklat ng batas sa online.

INDIBIDWAL NA KAPANGYARIHAN NG ALKALDE O NG MIYEMBRO NG KONSEHO

Ang iyong indibidwal na impluwensya sa hinaharap ng Jasper ay nakasalalay sa iyong kakayahan na hikayatin ang iba pang mga miyembro ng Konseho na gamitin ang iyong pananaw. Ang lahat ng desisyon ng Konseho ay ginawa sa pamamagitan ng isang boto ng nakararami ng mga naroroon sa isang pampublikong Regular na pagpupulong ng Konseho. Ang bawat miyembro ng Konseho, kasama ang Alkalde, ay nagrerepresenta ng isang boto. Sa isang tipikal na pagpupulong, na naroroon ang lahat ng pitong miyembro ng Konseho, hindi bababa sa apat sa pitong miyembro ng Konseho ang dapat bumoto pabor sa isang pasya upang maipasa ito. Ang isang pantay na boto ay itinuturing na isang natalong boto.

12

Ang mga indibidwal na konsehal ay walang kakayahang gawin ang paggasta ng Munisipyo, at hindi rin nila personal na ididirekta ang mga aktibidad ng mga empleyado ng munisipyo. Anumang pangako na gagawin mo sa panahon ng iyong kampanya ay maisasagawa lamang kung makumbinsi mo ang karamihan ng Konseho na ito ay isang magandang ideya.

KONSEHO AT TAUHAN NG MUNISIPYO

Ang Konseho ay hinihiling ng MGA na kumuha ng isang Chief Administrative Officer (CAO). Ang CAO ay ang nag-iisang empleyado ng Konseho.

Ang CAO ay responsable para sa pagpapatupad ng mga programa at patakaran ng Munisipalidad; at siyang pinuno ng administratibo ng samahan, siya din at kung saan ang lahat ng ibang mga empleyado ng Munisipalidad ay sa kanya nagbibigay ulat. Anumang direksyon sa kawani ng munisipyo ay dapat magmula sa CAO hindi sa Konseho o indibidwal na mga miyembro ng Konseho.

Nitong Enero 1, 2021, ang CAO ng Jasper ay si Bill Given. Si Ginoong Given ay tinanggap ng kasalukuyang Konseho sa huling bahagi ng 2020.

[Municipal organization chart o tsart ng pang-organisasyong munisipal](#)

ANO ANG DAPAT ASAHAN SA MGA PAGPUPULONG

Ang pinakamahasag na paraan upang makaramdam ng mga pagpupulong sa Konseho ay ang panoorin ang mga ito. Ang Regular at Komite ng Kabuuang pagpupulong ay bukas sa publiko. Mula Disyembre 2020 (publikasyon ng gabay na ito), ang mga pagpupulong ay naka live-stream sa pamamagitan ng Zoom. Ang mga pagpupulong ay naka-archive din sa YouTube channel ng Munisipalidad ng Jasper.

Ang mga highlight ng Konseho ay nai-publish sa website ng munisipyo pagkatapos ng bawat Regular na pagpupulong. Ang highlight ng Konseho ay nagbubuo ng mga desisyon at isyu mula sa mga Regular na pagpupulong ng Konseho.

13

MGA REGULAR NA PAGPUPULONG AT KOMITE NG KABUUNANG PAGPUPULONG

Ang mga Konsehal ay inaasahang dumalo sa mga Regular at Komite ng Kabuuan pagpupulong. Ang parehong Regular at Komite ng Kabuuan pagpupulong ay dinadaluhan ng lahat ng mga miyembro ng Konseho.

Ang Komite ng Kabuuan pagpupulong ay inilaan upang hindi maging gaanong pormal ang forum para sa pagtalakay sa mga alalahanin. Ang pangunahing kinalabasan mula sa mga Komite ng Kabuuan pagpupulong ay para sa konseho na madama na mayroon silang sapat na impormasyon o magkaroon ng sapat na pag-uusap tungkol sa isang isyu upang makapagbigay ng isang rekomendasyon sa Konseho para sa aksyon.

Ang lahat ng mga Komite ng Kabuuan pagpupulong at iba pang mga rekomendasyon ng Komite ay ipinapasa sa Regular na pagpupulong ng Konseho sa aling oras magpasya ang konseho kung tatanggapin o hindi ang mga rekomendasyon.

Ang mga pagpapasya ay magagawa lamang sa mga Regular na pagpupulong. Ang parehong Regular at Komite ng Kabuuan pagpupulong ay kinakailangan ang korum ng Konseho; ang korum ay isang nakararaming mga konsehal.

[2021 Kalendaryo ng pagpupulong ng Konseho](#)

SA MGA PAGPUPULONG NG NASA CAMERA

Ang mga konsehal lamang at iba pang mga tao na tinukoy ng Konseho ang maaaring dumalo sa isang pagpupulong sa camera; hindi maobserbahan ng publiko ang mga pagpupulong na ito. Ang mga aytem na tinalakay sa camera ay dapat na isang pagbubukod sa pagsisiwalat na naka-outline sa Freedom of Information and Protection Privacy Act.

Ang mga pagpupulong ng nasa Camera ay karaniwang nagaganap malapit sa pagtatapos ng Regular o Komite ng Kabuuan pagpupulong.

14

MGA ESPESYAL NA PAGPUPULONG

Ang mga Espesyal na pagpupulong ng Konseho ay maaaring maganap sa buong taon kapag kinakailangan ng konseho na tugunan ang isang aytem bago ang regular na nakaiskedyul na pagpupulong. Ang mga Espesyal na pagpupulong ng Konseho ay ipatatawag kung kinakailangan alinsunod sa MGA.

MGA ORGANISASYONAL NA MITING

Taun-taon sa pagtatapos ng Oktubre, ang Konseho ay nagdaraos ng isang organisasyonal na miting upang magtakda ng mga iskedyul ng pagpupulong, ang kinatawan at kahaliling representante ng Alkalde ay iskedyul, Lupon ng mga Konseho at istraktura ng mga komite, at magtalaga ng mga konsehal sa mga komite at mga lupon. Ito ang magiging unang pagpupulong na dadaluhan mo pagkatapos ng halalan.

INTERGOVERNMENTAL MITINGS

Ang Munisipalidad ng Jasper at ang ahensya ng Parks Canada sa Jasper National Park ay nakatuon sa isang positibo, kapwa kapaki-pakinabang na ugnayan batay sa ibinahaging mga layunin at interes. Sa layuning ito, ang mga kinatawan mula sa dalawang organisasyon pati na rin ang Alkalde at Konseho ay nagkikita ng tatlo hanggang apat na beses bawat taon upang pag-usapan at isulong ang mga paksa ng magkaparehong interes.

Ang mga update sa impormasyon ay inilalagay sa website ng munisipyo pagkatapos ng bawat intergovernmental miting.

15

MGA KARANIWANG AYTEM SA KONSEHO NG REGULAR AT KOMITE NG KABUUNANG ADYENDA

Ang lahat ng adyenda sa Regular at Komite ng Kabuuan ay makikita sa website ng munisipyo. Ang mga Regular at Komite ng Kabuuan pagpupulong ay ang iyong pinaka-karaniwang pangako. Narito ang ilang mga aytem sa adyenda na maaari mong asahan na makita nang madalas:

MGA MINUTO

Ang mga minuto ng pagpupulong ay ang opisyal na tala ng Regular ng Konseho at Komite ng Kabuuan pagpupulong. Ang mga minuto ay naaprubahan ng Konseho at naka-archive sa website ng munisipyo.

MGA KAHILINGAN PARA SA PAGPAPASYA

Alinsunod sa mga prinsipyo ng pagiging bukas at pananagutan, karaniwang nagbibigay ang Konseho ng dalawang-linggong abiso ng lahat ng mga desisyon nito, at ang pagbibigay ng sapat na oras sa mga residente upang timbangin ang mga alalahanin o komento. Ang abiso ng isang desisyon at ang lahat ng mga desisyon ay maaari lamang ibigay or magawa sa mga regular na pagpupulong. Maaaring magpasya ang Konseho na talikdan ang paunawa ng desisyon – karaniwan itong ginagawa upang mapaunlakan ang mga maikling timeline. Ang paghingi ng mga desisyon ay maaaring pag-usapan, ngunit hindi binoto, sa Komite ng Kabuuan pagpupulong.

MGA KAHILINGAN PARA SA DIREKSYON

Minsan ang kawani ng munisipyo ay magsusumite ng isang kahilingan para sa direksyon upang matiyak na ang konseho at administrasyon ay parehong malinaw sa mga resulta at direktiba, o para sa mga bagay na hindi kinakailangan ng mosyon ng Konseho.

16

MGA ULAT SA IMPORMASYON

Minsan ang kawani ng munisipyo ay magpapakita ng isang ulat sa impormasyon upang ma-update ang konseho sa isang partikular na bagay.

MGA ALITUNTUNIN O BYLAWS

Ang ilang mga alituntunin o bylaw ay sapilitan habang ang ilang mga alituntunin ay kinakailangan lamang kung ang isang munisipalidad ay nais na magsagawa ng isang tiyak na uri ng aktibidad. Maaari ring ipasadya ang mga batas sa mga batas ng probinsiya upang pahintulutan ang lokal na pagpapatupad o upang mabawasan ang mga multa sa mga lugar tulad ng kaligtasan sa trapiko.

Ang lahat ng bylaws ay dapat makatanggap ng tatlong pagbasa sa pamamagitan ng konseho; ang Konseho ay boboto sa lahat ng tatlong pagbasa. Ang lahat ng bylaws ng Munisipalidad ng Jasper ay dapat tumanggap ng sertipikasyon galing sa Parks Canada bago ito ipasa. Ang proseso ng sertipikasyon ay inilagay upang matiyak na ang Munisipalidad ay hindi nakakaapekto sa kapaligiran o pinanghihimasukan ang paggamit ng lupa, pagpaplano at mga usapin sa kaunlaran. Ang mga patakaran ay pinatutupad ng mga opisyal ng batas ng munisipalidad.

Para sa sanggunian at impormasyon, ang unang pahina ng buod ng alituntunin ng munisipal ay kasama sa bawat Regular na adyenda. Ang lahat ng kasalukuyang alituntunin ng Munisipalidad ng Jasper ay maaaring suriin sa website ng munisipyo.

MGA PATAKARAN

Ang mga patakaran ay pahayag ng Konseho na tumutukoy sa pangangasiwa ng Munisipalidad at mga kagawaran nito tungkol sa mga serbisyong ibinibigay nila. Ang mga patakaran ay naaprubahan ng Konseho at ipinatupad ng kawani ng munisipyo. Ang lahat ng mga patakaran ay sinamahan ng mga pamamaraang pang-administratibo, na inaaprubahan ng CAO. Ang lahat ng kasalukuyang mga patakaran ay matatagpuan sa website ng munisipyo.

17

IBA PANG MGA TUNGKULIN

LUPON AT MGA KOMITE

Ang Alkalde at mga Kagawad ay itinatalaga taon-taun sa iba't ibang mga komite (kapuwa panloob at panlabas). Ang mga pagtatalaga na ito ay ginagawa sa taunang Organisasyonal na Miting ng mga Konseho na ginaganap sa Oktubre ng bawat taon.

Ang Alkalde at mga indibidwal na kagawad ay hinirang sa isang hindi bababa sa tatlo or apat na mga komite, mga lupon o ahensya. Magkakaiba ang mga oras ng pagpupulong, at maaaring maging dalawang linggo, buwanan, o hindi gaanong madalas depende sa organisasyon.

Kasalukuyang lupon ng Konseho at istraktura ng mga komite

STRATEGIC PRIORITIES & PLANNING

Ang pamamahala ng ating matingkad at masiglang kumunidad ay may kasamang pagbabalanse ng isang malawak na hanay ng mga nagkokompetensiyang priyoridad, lahat ng mga iyon ay mahalaga. Ang papel na ginagampanan ng madiskarteng pagpapalano ay upang itaas ang mga napiling layunin sa isang mas mataas na priyoridad upang mas maisulong ang pangmatagalang bisyon ng Plano ng Pagpapanatili, habang pinapanatili ang pagtuon sa mahahalagang aspeto ng responsibilidad.

Ang bawat Konseho ay nagtatakda ng mga priyoridad para sa termino. Ang mga istrategikong priyoridad ng kasalukuyang Konseho ay makikita sa website ng munisipyo.

Madiskarteng Priyoridad

18

PANANAGUTAN AT DISKUWALIPIKASYON NG MGA KONSEHAL

INTERES SA PANANALAPI

Ang interes sa pananalapi ay kapag ang isang bagay sa munisipal na nauukol sa salapi ay maaaring makaapekto sa isang konsehal, sa isang pamilya ng konsehal o sa isang taga-employo ng isang konsehal. Sa ganitong sitwasyon, dapat ibunyag ng konsehal ang pangkalahatang katangian ng interes, umiwas sa pagboto at pag-usapan ang isyu, at umalis sa silid ng konseho hanggang ang usapin sa paksa ay matapos bago sa konseho.

PANANAGUTAN SIBIL

Ang isang konsehal ay maaaring managot sa sibil kung sila:

- Gumawa ng paggasta na hindi pinahintulutan sa badyet o naaprubahan ng Konseho;
- Bumoto upang gumastos ng hiniram na pera o kaloob na salapi sa ibang bagay kaysa sa orihinal na hangarin ng pagpopondo; o
- Bumoto pabor sa isang pautang, panghihiram o garantiya na lumampas sa limitasyon ng utang ng munisipyo.

Ang isang konsehal ay maaari ring managot sa paninirang-puri. Ang mga Kagawad ay hindi dapat gumawa ng mga mapanirang puri, sa loob man o labas ng mga pagpupulong ng Konseho. Kailangan mong maging masigasig upang maiwasan ang paglalagay ng Munisipalidad o ng iyong sarili na makagawa ng isang pagkakasala o mapatunayan na mananagot para sa mga pinsala sa sibil.

19

DISKUWALIPIKASYON

Ang isang Konsehal ay maaaring madiskwalipikado mula sa pagkakaupo bilang isang miyembro ng Konseho para sa mga sumusunod:

- Hindi karapat-dapat na italaga sa ilalim ng Local Authorities Election Act;
- Tumigil na maging karapat-dapat sa ilalim ng Local Authorities Election Act;
- Nabigong mag-sumite ng pahayag ng pagsisiwalat na kinakailangan sa ilalim ng Local Authorities Election Act;
- Ay Lumiban, walang aprubadong bakasyon o leave of absence, mula sa lahat ng mga regular na pagpupulong ng Konseho na gaganapin sa anumang panahon ng walong magkakasunod na linggo;
- Ay nahatulan isa isang pagkakasala na pinarusahan sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa loob ng lima o higit pang mga taon;
- Hindi bumoto sa isang bagay sa harap ng Konseho (maliban kung kinakailangan o pinapayagan na umiwas);
- Hindi nagdedeklara ng isang interes sa pananalapi at hindi iniwan ang mga silid ng Konseho sa isang bagay na mayroong interes sa pananalapi;
- Gumagamit ng hindi nai-lathalang impormasyon para sa knilang sariling pakinabang;
- Naging empleyado ng Munisipyo; o
- Ay napatunayang may pananagutan sa sibil.

20

2021 ELEKSYON: MAGING KANDIDATO

Kung interesado kang maging isang kandidato sa darating na halalan, dapat mo munang matukoy kung karapat-dapat ka, at maging pamilyar sa mga mandato na mga form ng nominasyon.

KATANGIANG ANGKOP

Ang mga Bahagi sa 21, 22 at 23 ng Local Authorities Election Act ay sumasaklaw sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa mga kandidato sa munisipyo at naglilista ng mga kundisyon para sa diskwalipikasyon.

Upang maging isang kandidato kailangan mong:

- Maging hindi bababa sa 18 taong gulang sa araw ng nominasyon (Setyembre 20, 2021);
- Maging isang mamamayan ng Canada; at
- Naging residente ng Jasper sa loob ng anim na magkakasunod na buwan bago ang araw ng nominasyon.

Hindi ka karapat-dapat tumakbo kung ikaw:

- Ay isang empleyado ng Munisipalidad ng Jasper (maliban kung bibigyan ka ng bakasyon bago ang araw ng nominasyon);
- Ay isang awditor ng Munisipalidad ng Jasper;
- Mahigit sa \$50 ang mga atraso sa iyong mga buwis sa pag-aari, o ikaw ay higit sa 90 araw na hindi nakabayad sa anumang utang sa Munisipalidad ng Jasper na higit sa \$500. (Kung hindi ka sigurado tungkol dito, tumawag sa 780-852-3356 upang malaman kung mayroon kang anumang mga paguutang); o
- Ay nahatulan sa isang pagkakasala sa ilalim ng Local Authorities Elections Act, ang Alberta Elections Act o ang Canada Elections Act sa loob ng huling 10 taon.

21

MGA FORM NG NOMINASYON

Lahat ng mga kandidato ay dapat kumpletuhin ang mga sumusunod na mga form, na maaaring ma-download mula sa website ng Munisipalidad ng Jasper:

- **Form 4:**
 - Ang form 4 ay dapat pirmahan ng Commissioner of Oaths o Notary Public para sa Alberta, o ng Returning Officer o delegado (maaari sa personal, o sa appointment lamang).
- **Form 5:**
 - Kung naaangkop, ang Form 5 ay dapat isama ang impormasyon sa pagbabangko sa kampanya. Huwang gumamit ng personal na impormasyon sa pagbabangko.

MAGSUMITE NG MGA FORM NG NOMINASYON

Ang mga form ng nominasyon ay dapat na isumite sa Returning Officer sa pagitan ng **Enero 1, 2021 at Setyembre 20, 2021, sa tanghali**. Ang mga form ng nominasyon are maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo sa address sa ibaba, o sa personal sa pamamagitan lamang ng appointment. Mangyaring suriin ang aming website para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano mag-sumite ng mga papeles ng nominasyon habang nagbabago ang mga paghihigpit sa pandemya.

Christine Nadon, Returning Officer
780-852-4724, cnadon@town.jasper.ab.ca

Address ng Pagpapadalhan:

Christine Nadon, Returning Officer, Munisipalidad ng Jasper
PO Box 520, Jasper, AB T0E 1E0

PANANALAPI SA KAMPANYA

Ang lahat ng kandidato ay dapat siyasatin ang Local Authorities Election Act para sa kumpletong mga detalye sa pananalapi ng kampanya. Ang ilan sa mga kasamang highlight:

- Ang isang tao ay maaaring magbigay ng \$5,000 bawat kandidato sa panahon ng taon ng halalan (Enero 1 hanggang Disyembre 31). Ang isang tao ay maaaring mag-ambag sa maraming mga kandidato hangga't gusto nila;

22

- Ang kandidato ay maaaring pondohan ang kanilang sarili haggang sa \$10,000 sa bawat taon; at
- Sa Pagtatapos ng isang kampanya, maaaring itago ng mga kandidato ang labis na halaga na mababa sa \$1,000. Anumang halaga na lampas sa \$1,000 ay dapat ibigay sa isang rehistradong charity. Ang mga lokal na hurisdiksyon ay hindi na maghahawak ng mga sobra sa kampanya.

SA PANAHOON NG IYONG KAMPANYA

MGA KARATULA SA HALALAN

Ang mga may-ari ng bahay ay maaaring magtayo ng isang karatula o poster sa kanilang sariling pag-aari. Ang mga karatula ay hindi pinapayagan sa tabi ng mga kalsadang munisipal o sa mga median ng munisipyo.

MGA AHENTE NG OPISYAL

Ang mga kandidato ay maaaring humirang ng isang opisyal na ahente kapag nagsumite sila ng kanilang mga papeles ng nominasyon. Ang mga kandidato ay hindi kinakailangan na humirang ng isang opisyal na ahente. Ang mga tungkuling ng isang opisyal na ahente ay ang mga itinalaga ng kandidato. Ang isang opisyal na ahente ay dapat na isang botante ayon sa nakasulat sa seksyon 27 ng Local Authorities Elections Act.

MGA TAGASURI

Ang mga Tagasuri ay maaaring italaga ng mga kandidato upang magmasid sa panahon ng Paunang Boto at sa Araw ng Halalan. Ang mga Tagasuri ay dapat na 18 taong gulang o higit pa. Ang isang tao na nahatulan sa pagkakasala sa ilalim ng Local Authorities Election Act, ng Elections Act, o ng Canada Elections Act sa nagdaang 10 taon ay hindi maaaring maging isang tagasuri.

Maaaring obserbahan ng mga tagasuri ang proseso ng halalan maliban sa mga botante na nagmamarka ng kanilang mga balota. Ang mga tagasuri ay maaaring dumalo sa higit sa isang istasyon ng pagboto, ngunit hindi maaaring gumarantiya para sa isang tao na patunayan ang kanilang pagkakakilanlan at adres.

23

ARAW NG HALALAN PARA SA MGA KANDIDATO

Ang araw ng Halalan ay Lunes, Oktubre 18, 2021. Ang oras ng pagboto sa Araw ng Halalan ay 8 am hanggang 8 pm. Ang mga hindi opisyal na resulta ay ihahayag habang sila ay nagiging available pagkatapos ng pagsara ng mga istasyon ng pagboto sa Araw ng Halalan.

PAGKATAPOS NG ARAW NG HALALAN

Kung ikaw ay nahalal, binabati kita! Maaari mong asahan na pormal na manunumpa sa loob ng unang linggo ng halalan. Sa mga unang linggo ng termino, ang mga bagong halal na opisyal ay maaaring asahan ang maraming mga pagpupulong at mga pagkakataon sa pagsasanay, na maaaring may kabilang na:

Mga Pagpupulong

- Panunumpa sa seremonya
- Inagurasyon at miting ng organisasyonal
- Mga pagtatanghal ng pagpupulong sa badyet

Pagsasanay

- Mga manwal na oryentasyon
- Oryentasyon ng mga Kamara ng Konseho
- Pagsasanay sa Pamamahala
- Oryentasyon sa field o paligid patungo sa operasyon sa munisipal
- Munisipalidad 101: Ang mga Kinakailangan sa Pamamahala ng Munisipyo
- Pagsasanay sa Badyet
- Alberta Urban Municipalities Association (AUMA) kombensiyon

Inaasahan ng kawani ng munisipyo na magkaroon ng isang iskedyul ng pagsasanay na magaganap sa pagtatapos ng tagsibol o unang bahagi ng tag-init ng 2021.

Kung mayroon kang higit pang mga katanungan tungkol sa 2021 Eleksyon Munisipal; mangyaring mag-email sa info@town.jasper.ab.ca

24

KARAGDAGANG MGA MAPAGKUKUNAN

Ang mga magpakukunang impormasyon ay available online sa Munisipalidad ng Jasper

- [Bylaw Directory](#)
- [Procedure Bylaw](#)
- [Policy Manual](#)
- [Council Remuneration and Benefits Policy](#)
- [Council meeting agendas and minutes](#)
- [Council meeting recordings](#)
- [Council's Strategic Priorities](#)
- [Current budget](#)
- [Asset Management Plan](#)
- [Jasper Community Sustainability Plan](#)
- [Municipality of Jasper Vision and Mission statements](#)

Ang mga Probinsyal na mapagkukunan are available din online.

- [Roles and responsibilities of municipal officials](#)
- [Pecuniary interest for municipal councillors](#)
- [What every councillor needs to know!](#)
- [Local Authorities Election Act \(LAEA\)](#)
- [Local Authorities Election Act fact sheets and Q&A](#)
- [Freedom of Information and Protection of Privacy Act](#)
- [I want to become a candidate \(for Government of Canada employees\)](#)